

Mga Madalas Itanong Parent Portal – Online na Pag-enroll ng Bata

Q: Ano ang Parent Portal?

A: Ang Parent Portal ay isang secure na online tool na idinisenyo para sa mga pamilya. Magagawa ninyong maghanap ng mga pasilidad sa inyong komunidad, tingnan ang kanilang mga detalye sa pakikipag-ugnayan, pati na rin tingnan kung mayroon silang available na espasyo. Pwede rin kayong mag-access ng mga ulat sa inspeksyon ng pasilidad sa pangangalaga ng bata, impormasyon sa mga subsidy sa pangangalaga ng bata at iba pang sanggunian.

Q. Bakit ko kailangang i-enroll online ang aking anak ngayon?

A. Ang online na pag-enroll ay makakatulong na suportahan ang mga magulang simula sa early learning hanggang Grade 12 sa pamamagitan ng pagtatatag ng natatanging New Brunswick Education Number (NBEN). Makakatulong itong bawasan ang administratibong gawain para sa mga pamilya at mga operator ng pangangalaga ng bata, at matutulungan kami nitong pahusayin ang mga serbisyo, mga subsidy sa pangangalaga ng bata, at mga programa para sa mga early learner.

Q: Paano kung pumapasok na sa isang pasilidad sa pangangalaga ng bata ang aking anak? Kailangan ko pa rin ba ng Parent Portal account at kailangan ko pa rin bang i-enroll ang aking anak?

A: Oo, dahil ang Online na Pag-enroll ng Bata ay bagong proseso, ang lahat ng pamilyang may batang pumapasok sa lisensyadong pasilidad sa early learning at pangangalaga ng bata ay mangangailangang tumanggap ng alok sa pag-enroll sa pamamagitan ng Parent Portal. Makakatanggap kayo ng email mula sa inyong provider ng pangangalaga ng bata para simulan ang prosesong ito.

Kung wala pa kayong Parent Portal account, kakailanganin ninyong gumawa nito. Mabilis, madali, at secure ito. Isang beses lang ninyong kailangang gawin ito.

Q. Paano kung pumapasok ang anak ko sa higit sa isang pasilidad?

A. Kung pumapasok ang inyong anak sa higit sa isang pasilidad sa pangangalaga ng bata, kakailanganin ninyong tumanggap ng alok sa pag-enroll para sa bawat isa. Kung may kahati kayo sa kustodiya, ang dalawang tagapag-alaga ay mangangailangang gumawa ng sarili nilang account sa Parent Portal at pareho silang makakatanggap ng alok sa pag-enroll mula sa kani-kanilang provider ng pangangalaga ng bata.

Gayunpaman, ang bawat bata ay bibigyan ng isang NBEN lang. Natatangi ito sa kanila at mananatili itong nakatalaga sa kanila hanggang Grade 12.

Q. Paano kung ililipat ko ang aking anak sa ibang pasilidad sa pangangalaga ng bata?

A. Ang bago ninyong provider ng pangangalaga ng bata ang magpapadala sa inyo ng email kasama ang mga detalye ng bago ninyong alok sa pag-enroll. Kakailanganin ninyong mag-log in sa secure ninyong Parent Portal account, kumpirmahin ang impormasyon, at tanggapin ang pag-enroll.

Wala na kayong kailangang gawin para alisin ang inyong anak sa listahan ng mga naka-enroll sa dati niyang provider ng pangangalaga ng bata. Responsibilidad ng provider ng pangangalaga ng bata na magpanatili ng tumpak na listahan ng mga naka-enroll para sa kanilang pasilidad.

Q. Gaano katagal na panahon ang mayroon ako para tanggapin ang alok sa online na pag-enroll?

A. Ang alok sa pag-enroll mula sa inyong pasilidad sa pangangalaga ng bata ay mananatiling bukas nang limang araw mula sa petsang ibinigay ito. Ang agad na pagtanggap ng alok sa pag-enroll mula sa inyong provider ng pangangalaga ng bata ay magtitiyak na makakapagpanatili kayo ng inyong provider ng pangangalaga ng bata ng access sa mahahalagang suporta at serbisyo.

Q. Anong impormasyon ang kailangan kong ibigay?

A. Kapag natanggap na ninyo ang alok sa pag-enroll mula sa inyong provider ng pangangalaga ng bata, kukumpletuhin ninyo ang pag-enroll ng inyong anak sa pamamagitan ng paglalagay ng kanyang pangalan, petsa ng kapanganakan, at kanyang Medicare number o kanyang New Brunswick Education Number (NBEN), at pagtanggap ng alok sa pag-enroll.

Ang Medicare number at NBEN ng inyong anak ay mga natatanging identifier na magbibigay-daan sa aming i-verify na ang inyong anak ay residente ng New Brunswick, at tiyaking ang bawat bata ay may isang profile lang.

Q. Ano ang NBEN number at bakit ko kailangan nito?

A. Ang NBEN ay isang natatanging numero na nakatalaga sa bawat bata na pumapasok sa isang lisensyadong pasilidad sa pangangalaga ng bata o paaralan sa probinsya. Ang NBEN ay mananatiling nakatalaga sa bata sa buong panahon ng kanyang pag-aaral mula early childhood hanggang sa pagtatapos sa Grade 12. Kung may anak kayong nag-aaral, lalabas ang numerong ito sa kanyang report card.

Q. Wala akong Medicare o NBEN number para sa aking anak / Hindi ako sigurado kung nasaan ito?

A. Kung walang NBEN o Medicare number ang inyong anak, mangyaring magpatuloy sa online na pag-enroll. Pwede ninyong tanggapin ang alok sa pag-enroll nang hindi inilalagay ang NBEN o Medicare number ng inyong anak, at sundin ang mga susunod na hakbang. May kinatawan ng Department of Education and Early Childhood Development na magfa-follow up sa inyo para sa pag-verify.

Q: Sino ang may access sa impormasyon ng aking anak?

A. Ang Parent Portal ay secure na site at ang may-ari ng Parent Portal account lang ang makaka-access dito, sa pamamagitan ng kanyang username at password.

Ang inyong provider ng pangangalaga ng bata ay magkakaroon lang ng access sa impormasyong nauugnay sa alok sa pag-enroll. Kabilang dito ang mga detalyeng napagkasunduan ninyo, gaya ng pangunahing personal na impormasyon, bilang ng mga araw na papasok ang inyong anak sa pasilidad at mga kaugnay na bayarin.

T. Wala akong email address o access sa internet. Ano ang dapat kong gawin?

S. Kung wala kayong email address, o limitado ang inyong access sa internet, ang inyong pasilidad sa pangangalaga ng bata ay makapagbibigay ng alok sa pag-enroll sa format na papel na may code. Pagkatapos nito, kakailanganin ninyong makipag-ugnayan sa Department of Education and Early Childhood Development, at ibigay ang inyong natatanging code, para makumpleto ang proseso ng pag-enroll.

Higit pang impormasyon:

Kung mayroon kayong anumang karagdagang tanong tungkol sa Parent Portal, mangyaring tumawag Lunes hanggang Biyernes mula 8:30 am hanggang 7:30 pm o Sabado mula 9:00 a.m. hanggang 1:00 p.m. sa 1-888-762-8600 (walang singil ang pag-dial) o mag-email sa amin sa EECDPortal-PortailEDPE@gnb.ca